


أدعية الصلاة وأذكارها - فلبيني

Ang mga Panalangin mga Dhikr sa Salah



جمعية الدعوة بالزلفج

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفج

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦. فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

167

Ang mga Du'á at mga Dhikr sa Saláh

أدعية الصلاة وأذكارها



جمعية الدعوة والإرشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

أدعية الصلاة وأذكارها
إعداد وترجمة
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
الطبعة الثانية: ١٤٣٠/٧ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٧ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
أدعية الصلاة وأذكارها/ شعبة توعية الجاليات بالزلفي - الزلفي،
١٤٢٩ هـ

٢٢ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٦-٤-٨٠١٣-٩٩٩-٩٧٨

(النصوص باللغة الفلبينية)

١- الأدعية والأوراد أ. العنوان

١٤٢٩/٢٠٤٣

ديوي ٢١٢,٩٣

رقم الإيداع: ١٤٢٩/٢٠٤٣

ردمك: ٦-٤-٨٠١٣-٩٩٩-٩٧٨

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa ngalan ni Allah,¹ ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

أَدْعِيَةُ الصَّلَاةِ وَأَذْكَارُهَا

Ang mga Du‘á at mga Dhikr sa Saláh

Ang Pagsabi ng Basmalah bago Magsagawa ng Wudú’

بِسْمِ اللَّهِ

Bismi -lláh.

Sa ngalan ni Allah.

Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud: 101.

Ang Du‘á Matapos Magsagawa ng Wudú’

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ

وَرَسُولُهُ.

¹ Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga pantukoy na gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at hindi ANG, NG, at SA. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino. Ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

Ash'hadu an lá iláha illa -lláh, waḥdahu lá sharíka lah, wa ash'hadu anna muḥammadan ‘abduhu wa rasúluh.

Sumasaksi ako na walang [totoong] Diyos kundi si Allah: tanging Siya lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

Isinalysay ito ni Imám Muslim: 554.

Ang Du‘á Pagkarinig sa Mu‘adhdhin

Sasabihin mo ang tulad sa sinasabi ng *mu‘adhdhin*. Pagkata-pos ay mananalangin ka para sa Propeta (SAS).² Isinalysay ito ni Imám Muslim: 849.

Ngunit kapag nagsasabi ang mu‘adhdhin ng

حَيِّ عَلَى الصَّلَاةِ حَيِّ عَلَى الْفَلَاحِ.

Hayya ‘alás saláh hayya ‘alal faláh.

Halina sa saláh, halina sa tagumpay.

² Ang Panalangin Para sa Propeta (SAS):

Alláhumma ṣalli ‘alá Muḥammadin wa ‘alá áli Muḥammad, kamá ṣallayta ‘alá Ibráhím, wa ‘alá áli Ibráhím, innaka hamídum majíd; wa bárik ‘alá Muḥammad, wa ‘alá áli Muḥammad, kamá báraкта ‘alá Ibráhím, wa ‘alá áli Ibráhím, innaka ḥamídum majíd.

O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak niya tulad ng pagpapala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak nito, tunay na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati; biyayaan Mo si Muhammad at ang mag-anak niya tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at sa mag-anak nito, tunay na Ikaw ay Kapuri-puri at Maluwalhati.

ay magsasabi ka naman ng

لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ.

Lá hawla wa lá qúwata illá bi-lláh.

Walang kapangyarihan ni lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.

Pagkatapos ay magsasabi ka ng:

اللَّهُمَّ رَبِّ هَذِهِ الدَّعْوَةُ التَّامَّةُ، وَالصَّلَاةُ الْقَائِمَةُ، آتِ مُحَمَّدًا الْوَسِيلَةَ
وَالْفَضِيلَةَ، وَابْعَثْهُ مَقَامًا مُحَمَّدًا الَّذِي وَعَدْتَهُ.

Alláhumma rabba hádhihi -dda‘wati -ttámmati wa -ssaláti -lqá’imah, áti muhammadani -lwasílata wa -lfadíláh, wa -b‘athhu maqámam mahmúdani -lladhí wa‘attahu

O Allah, Panginoon ng ganap na panawagan na ito at saláh na isasagawa, bigyan mo si Muhammad ng kaparaanan at kalama-ngan. Ibangon Mo siya sa katayuang pupurihin, na ipinangako Mo.

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 614.

- Ang sinumang magsabi nito ay magiging karapat-dapat sa kanya ang Pamamagitan ng Propeta (SAS).
- Ang ganap na panawagan ay ang adhán; ang kaparaanan ay tahanan sa Paraiso na hindi nararapat kundi sa isa sa mga lingkod ni Allah. Nagsabi ang Propeta (SAS): **“Umaasa ako na ako siya.”**

Ang Du‘á’ sa Pagpasok sa Masjid

اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ.

Alláhumma -ftah lí abwába rahmatik.

O Allah, buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng awa Mo.

Isinalysay ito ni Imám Muslim: 1652.

Ang Du‘á’ sa Paglabas sa Masjid

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِكَ.

Alláhumma inní as’aluka min fadlik.

O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng bahagi ng kagandahang-loob mo.

Isinalysay ito ni Imám Muslim: 1652.

Ang Du‘á’ sa Pagpunta sa Masjid

اللَّهُمَّ اجْعَلْ فِي قَلْبِي نُورًا، وَفِي لِسَانِي نُورًا، وَاجْعَلْ فِي سَمْعِي نُورًا،
وَاجْعَلْ فِي بَصَرِي نُورًا، وَاجْعَلْ مِنْ خَلْفِي نُورًا، وَمِنْ أَمَامِي نُورًا،
وَاجْعَلْ مِنْ فَوْقِي نُورًا، وَمِنْ تَحْتِي نُورًا، اللَّهُمَّ أَعْظِنِي نُورًا.

Alláhumma -j‘al fí qalbí núrán, wa fí lisání núrá; wa -j‘al fí sam‘í núrá; wa -j‘al fí baṣarí núrá; wa -j‘al min khalfi núrán, wa min amámí núrá; wa -j‘al min fawqí núrán, wa min tahtí núrá; Alláhumma a‘ṭiní núrá.

O Allah, maglagay Ka ng liwanag³ sa puso ko, at liwanag sa dila ko; at maglagay Ka ng liwanag sa pandinig ko; at maglagay Ka ng liwanag sa paningin ko; at maglagay Ka ng liwanag sa likuran ko, at liwanag sa harapan ko; at maglagay Ka ng liwanag sa itaas ko, at liwanag sa ilalim ko; o Allah, bigyan Mo ako ng liwanag.

Muttafaq ‘Alayhi: 6316, 1799; pagkakabigkas ni Imám Muslim.

Ang Sinasabi sa Pagpapasimula sa Saláh

۱ - اللَّهُمَّ بَاعِدْ بَيْنِي وَبَيْنَ خَطَايَايَ كَمَا بَاعَدْتَ بَيْنَ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ؛
اللَّهُمَّ نَقِّنِي مِنَ الْخَطَايَا كَمَا يُنَقَّى الثَّوْبُ الْأَبْيَضُ مِنَ الدَّنَسِ، اللَّهُمَّ
اغْسِلْ خَطَايَايَ بِالْمَاءِ وَالثَّلْجِ وَالْبَرَدِ.

1. Alláhumma bá'id bayní wa bayna khatáyáya kamá bá'adta bayna -lmashriqi wa -lmaghribi. Alláhumma naqqiní mina -lkhatáyá kamá yunaqqa -ththawbu -l'abyadu mina -ddanasi. Alláhumma -ghsil khatáyáya bi-lmá'i wa -ththalji wa -lbarad.

O Allah, paglayuin Mo ako at ang mga kamalian ko gaya ng pagpalayo mo sa silangan at kanluran. O Allah, dalisayin Mo ako mula sa mga kamalian gaya ng pagkakadalisay sa puting kasuutan mula sa karumihan.

³ Ang tinutukoy ng liwanag ay ang tanglaw ng katotohanan at paglilinaw nito.

O Allah, hugusan Mo ang mga kamalian ko ng tubig, yelo at niyebe.

Muttafaqa 'alayhi: 744, 1354.

٢ - سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، وَتَبَارَكَ اسْمُكَ، وَتَعَالَى جَدُّكَ، وَلَا إِلَهَ غَيْرُكَ.

2. Subhánaka -lláhumma wa bihamdika wa tabáraka -smuka wa ta'álá jadduka wa lá iláha ghayruk.

Kaluwalhatian sa Iyo, o Alláh, at papuri sa Iyo. Mapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang Diyos maliban sa Iyo.

Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud at Imám atTirmidhí: 775, 242; at pinagtibay ito ni Imám al'Albání na sahíh.

٣ - الْحَمْدُ لِلَّهِ حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبَارَكًا فِيهِ.

3. Alhamdu lilláhi hamdan kathíran tayyibam mubárakan fihi.

Ang papuri ay ukol kay Allah, papuring marami, mabuti, pinag-papala .

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1357.

٤ - اللَّهُ أَكْبَرُ كَبِيرًا، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيرًا، وَسُبْحَانَ اللَّهِ بُكْرَةً وَأَصِيلًا.

4. Alláhu akbar kabírá, wa -lhamdu lilláhi kathírá, wa subhána -lláhi bukratan wa asílá.

Si Allah ay pinakadakila sa malaking kadakilaan, ang papuri ay ukol kay Allah sa maraming papuri, at kaluwalhatian kay Allah sa umaga at gabi.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1358.

ه - اَللّٰهُمَّ رَبَّ جِبْرَائِيْلَ وَمِيكَائِيْلَ وَإِسْرَافِيْلَ، فَاطِرَ السَّمَاوَاتِ
وَالْأَرْضِ، عَالِمِ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ، أَنْتَ تَحْكُمُ بَيْنَ عِبَادِكَ فِيمَا كَانُوا فِيهِ
يَخْتَلِفُونَ، اهْدِنِي لِمَا اخْتَلَفَ فِيهِ مِنَ الْحَقِّ بِإِذْنِكَ إِنَّكَ تَهْدِي مَنْ تَشَاءُ إِلَى
صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ.

5. Alláhumma rabba jibra'íla wa míká'íla wa isráfil, fátira -ssamá-wáti wa -l'ard, 'álima -lghaybi wa -shshahádah, anta tahkumu bayna 'ibádika fimá kánú fíhi yakhtalífún, ihdiní lima -khtulifa fíhi mina -lhaqqi bi-idhnika innaka tahdí man tashá'u ilá sirátim mustaqím.

O Allah, Panginoon nina Jibrá'il, Miká'il at Isráfil, Tagapaglalang ng mga langit at lupa, Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, Ikaw ay hahatol sa mga lingkod Mo hinggil sa anumang pinag-tatalunan nila noon. Patnubayan Mo ako sa pinagtatalunan na katotohanan, ayon sa kapahintulutun mo; tunay na Ikaw ay nag-papatnubay sa sinumang loloobin mo tungo sa isang matuwid na landasin.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1811.

٦ - وَجَّهْتُ وَجْهِيَ لِلَّذِي فَطَرَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ حَنِيفًا وَمَا أَنَا مِنَ الْمُشْرِكِينَ، إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ لَا شَرِيكَ لَهُ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا مِنَ الْمُسْلِمِينَ. اَللّٰهُمَّ اَنْتَ الْمَلِكُ لَا اِلٰهَ اِلَّا اَنْتَ، اَنْتَ رَبِّيْ وَاَنَا عَبْدُكَ، ظَلَمْتُ نَفْسِيْ وَاَعْتَرَفْتُ بِذَنْبِيْ فَاغْفِرْ لِيْ ذُنُوْبِيْ جَمِيْعًا، اِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوْبَ اِلَّا اَنْتَ، وَاَهْدِنِيْ لِحَسَنِ الْاَخْلَاقِ، لَا يَهْدِيْ لِاِحْسَنِهَا اِلَّا اَنْتَ، وَاَصْرِفْ عَنِّيْ سَيِّئَهَا، لَا يَصْرِفُ عَنِّيْ سَيِّئَهَا اِلَّا اَنْتَ، لَبِيْكَ، وَسَعْدَيْكَ وَالْخَيْرُ كُلُّهُ فِيْ يَدَيْكَ، وَالشَّرُّ لَيْسَ اِلَيْكَ، اَنَا بِكَ وَاِلَيْكَ، تَبَارَكْتَ وَتَعَالَيْتَ، اَسْتَغْفِرُكَ وَاَتُوْبُ اِلَيْكَ.

6. Wajahhtu wajhí lilladhí faṭara -ssamáwátí wa -l'arda ḥanífán wa má aná mina -lmushrikín. Inna salátí wa nusukí wa mahyáyá wa mamátí lilláhi rabbi -l'álamína lá sharíka lahu wa bidhálíka umirtu wa aná mina -lmuslimín. Alláhumma anta -lmalíku lá iláha illa anta, anta rabbí wa aná 'abdúka, dḥalamtu nafsí wa -'tarafu bidhambí fa-ghfir lí dhunúbí jamí'an, innahu lá yaghfiru -dhdhunúba illá anta, wa -hdíní lí'ahsani -l'akhláqi, lá yahdí lí'ahsaníhá illá anta, wa -sḥrif 'anní sayyí'ahá, lá yaḥrifu 'anní sayyí'ahá illa anta, labbayka wa sa'dayka, wa -lkhayru kulluhu fí yadayka, wa -shsharru laysa ilayka, aná bika wa ilayka, tabárakta wa ta'álayta, astaghfiruka wa atúbu ilayka.

Ibinaling ko ang mukha ko sa naglalang ng mga langit at lupa bilang isang makatotoo, at hindi ako kabilang sa mga nagtatam-bal sa Panginoon. Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin, at ako ay kabilang sa mga Muslim. O Allah, Ikaw ang Hari, walang Diyos kundi Ikaw. Ikaw ay Panginoon ko at ako ay ling-kod Mo. Lumabag ako sa katarungan sa sarili ko at inamin ko ang pagkakasala ko kaya patawarin Mo ako sa lahat ng mga pag-kakasala ko; tunay na walang nagpapatawad sa mga pagkaka-sala kundi Ikaw. Patnubayan Mo ako sa pinakamaganda sa mga kaasalan; walang magpapatnubay sa pinakamaganda sa mga iyon kundi Ikaw. Ilayo mo sa akin ang masagwa sa mga iyon; walang magpapalayo sa akin sa masagwa sa mga iyon kundi Ikaw. [Heto ako] bilang pagtugon sa Iyo at bilang pagsunod sa Iyo. Ang mabuti, lahat ng ito, ay nasa mga kamay Mo. Ang masama ay hindi inu-ugnay sa Iyo. Ako ay nagagabayan sa pamamagitan Mo at nag-papakanlong sa Iyo. Napakamapagpala Mo at Pagkataas-taas Mo. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo. Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1811.

Ang Sinasabi sa Pagyukod

١ - سُبْحَانَ رَبِّيَ الْعَظِيمِ.

1. Subhána rabbiya -l'adhím

Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1814.

Kailangang sabihin mo ito ng isang ulit, ngunit ang pinakamainam ay uulit-utlitin ito nang makailan.

٢ - سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي.

2. Subhánaka -lláhumma rabbaná wa bihamdika, alláhumma -ghfir lí.

Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, Panginoon Namin at kalakip ng papupuri sa Iyo. O Allah patawarin Mo ako.

Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 4968, 1085.

٣ - سُبُّوحٌ قُدُّوسٌ رَبُّ الْمَلَائِكَةِ وَالرُّوحِ.

3. Subbúhun quddúsun rabbu -lmalá'ikati wa -rrúh.

Kaluwa-luwalhati, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu.

٤ - سُبْحَانَ ذِي الْجَبَرُوتِ وَالْمَلَكُوتِ وَالْكِبْرِيَاءِ وَالْعَظَمَةِ.

4. Subhána dhi -ljabarúti, wa -lmalakúti, wa -lkibriyá'í, wa -l'adhamah.

Kaluwalhatian sa may kapangyarihan, paghahari, dangal at kadakilaan.

Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud at Imám anNasa'í: 873, 1133; at pinagtibay ito na saḥíḥ ni Imám al'Albání.

ه - اللَّهُمَّ لَكَ رَكَعْتُ، وَبِكَ آمَنْتُ، وَلَكَ أَسَلْتُ، خَشَعَ لَكَ سَمْعِي
وَبَصَرِي، وَخُيِّ وَعَظْمِي وَعَصَبِي.

5. Alláhumma laka raka'tu, wa bika ámantu, wa laka aslamtu, khasha'a laka sam'í wa baṣarí, wa mukhí wa 'adhmi wa 'aṣabí.

O Allah sa Iyo ako yumukod, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpakababa sa Iyo ang pandinig ko, ang pani-ngin ko, ang utak ko, ang buto ko at ang litid ko.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1812.

Ang Sinasabi sa Sandali ng Pag-aangat Mula sa Pagkayukod

١ - رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ.

1. Rabbaná laka -lḥamd.

Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri.

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 722.

رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ.

o Rabbaná wa laka -lḥamd.

Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.

Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 789, 921.

اللَّهُمَّ رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ.

o Alláhumma rabbaná laka -lhamd.

O Allah, Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri.

Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 796, 904.

اللَّهُمَّ رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ.

o Alláhumma rabbaná wa laka -lhamd.

O Allah, Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 795.

Paalaala: Hindi nasaad sa Sunnah ang idinagdag ng iba na katagang wa -shshukr sa pagsabi nila ng rabbaná laka -lhamd wa -shshukr (*Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri*).

٢ - اللَّهُمَّ رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ مِلْءَ السَّمَاوَاتِ وَمِلْءَ الْأَرْضِ وَمِلْءَ مَا

بَيْنَهُمَا، وَمِلْءَ مَا شِئْتَ مِنْ شَيْءٍ بَعْدُ.

2. Rabbaná laka -lhamd, mil'a -ssamáwáti wa mil'a -l'ard, wa mil'a má baynahumá, wa mil'a má shi'ta min shay'im ba'd.

Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri, sa abot ng ikapupuno ng mga langit, sa abot ng ikapupuno ng lupa, sa abot ng ikapu-puno ng anumang nasa pagitan ng mga ito, at sa abot ng ikapu-puno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1812.

۳ - رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ. مِلْءُ السَّمَاوَاتِ وَمِلْءُ الْأَرْضِ وَمِلْءُ مَا شِئْتَ مِنْ شَيْءٍ بَعْدُ، أَهْلُ الثَّنَاءِ وَالْمَجْدِ، أَحَقُّ مَا قَالَ الْعَبْدُ، وَكُلُّنَا لَكَ عَبْدٌ، اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ.

3. Rabbaná laka -l_hamd, mil'u -ssamáwáti wa mil'u -l'ard, wa mil'u má shi'ta min shay'im ba'd, ahlu -ththaná'i wa -lmajd, a_haqqu má qála -l'abdu, wa kulluná laka 'abd, alláhumma lá máni'a limá a'tayta, wa lá mu'tiya limá mana'ta, wa lá yanfa'u dha -ljaddi minka -ljadd.

Panginoon namin, ukol sa iyo ang papuri na makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa at makapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos; [Ikaw] ang karapat-dapat sa pagbu-bunyi at kaluwalhatian. Ang pinakatotoo na sinabi ng lingkod — at lahat naman tayo ay lingkod — ay o Alláh, walang maka-pipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapag-dudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1071.

٤ - رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبَارَكًا فِيهِ.

4. Rabbaná wa laka -lhamdu hamdan kathíran tayyibam mubá-rakan fíhi.

Ang papuri ay ukol kay Allah, papuring marami, mabuti, pinag-papala.

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 799.

Ang Sinasabi sa Pagkakayukod

١ - سُبْحَانَ رَبِّيَ الْأَعْلَى.

1. Subhána rabbiya -l' a'lá.

Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1814.

Kailangang sabihin mo ito ng isang ulit, ngunit ang pinaka-mainam ay na uulit-utlitin ito nang makailan.

٢ - سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي.

2. Subhánaka -lláhumma rabbaná wa bihamdika, alláhumma -ghfir lí.

Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, at kalakip ng papuri sa Iyo. O Allah, patawarin Mo ako.

Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 4968, 1085.

٣ - سُبُّوحٌ قُدُّوسٌ رَبُّ الْمَلَائِكَةِ وَالرُّوحِ.

3. Subbúhun quddúsun rabbu -lmalá'ikati wa -rrúh.
Kaluwa-luwalahati, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu.

Isinalaysay ito nina Imám Muslim: 1091.

٤ - سُبْحَانَ ذِي الْجَبْرُوتِ وَالْمَلَائِكَةِ وَالْكَرِيَاءِ وَالْعَظَمَةِ.

4. Subhána dhi -ljabarúti, wa -lmalakúti, wa -lkibriyá'í, wa -l'adhhamah.

Kaluwalhatian sa may kapangyarihan, paghahari, dangal at kadakilaan.

Isinalaysay ito nina Imám Abú Dáwud at Imám anNasa'í: 873, 1133; at pinagtibay ito na saḥíḥ ni Imám al'Albání.

٥ - اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي ذَنْبِي كُلَّهُ دِقَّةً وَجِلَّةً، وَأَوْلَهُ وَأَخْرَهُ، وَعَلَانِيَةً

وَسِرَّةً.

5. Alláhumma -ghfir lí dhambí kullahu diqqahu wa jillahu, wa awwalahu wa ákhirahu, wa 'alániyatahu wa sirrahu.

O Allah patawarin Mo ako sa pagkakasala ko: sa lahat ng ito, kaliit-liitan nito at kalaki-lakihan nito, una nito at huli nito, at hayagan nito at lihim nito.

Isinalaysay ito nina Imám Muslim: 1084.

٦- اَللّٰهُمَّ لَكَ سَجَدْتُ، وَبِكَ اٰمَنْتُ، وَلكَ اَسَلَمْتُ، سَجَدَ وَجْهِي
لِلَّذِي خَلَقَهُ وَصَوَّرَهُ، وَشَقَّ سَمْعَهُ وَبَصَرَهُ، تَبَارَكَ اللهُ اَحْسَنُ الْخَالِقِيْنَ.

6. Alláhumma laka sajadtu, wa bika ámantu, wa laka aslamtu, sajada wajhí lilládhí khalaqahu wa sawwarahu, wa shaqqa sam‘ahu wa basarahu, tabáraka -lláhu ahsanu -lkháliqín.

O Allah, sa Iyo ako nagpatirapa, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha rito, nag-anyo rito, nagbukas sa pandinig at paningin nito. Napakamapagpala ni Allah, ang pinamagaling sa mga tagalikha.

Isinalaysay ito nina Imám Muslim: 1812.

٧- اَللّٰهُمَّ اِنِّيْ اَعُوْذُ بِرِضَاكَ مِنْ سَخَطِكَ، وَبِمُعَافَاتِكَ مِنْ عِقُوْبَتِكَ،
وَاعُوْذُ بِكَ مِنْكَ، لَا اَحْصِيْ نِنَاءً عَلَيْكَ، اَنْتَ كَمَا اَثْنَيْتَ عَلٰى نَفْسِكَ.

7. Alláhumma, inní a‘údhu biridáka min sakhtika, wa bimu‘áfatika min ‘uqúbatika, wa a‘údhu bika minka; lá uhsí thaná’an ‘alayka, anta kamá athnayta ‘alá nafsika.

O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kasiyahan Mo laban sa pagkayamot Mo, sa pagpapaumanhin Mo laban sa pagpapa-rusa Mo; nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako makabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay gaya ng pagbunyi Mo sa sarili Mo.

Isinalaysay ito nina Imám Muslim: 1090.

Sunnah rin na damihan ang pananalangin sa sandali ng pag-kapatirapa dahil sa ang sabi ng Sugo (SAS):

أَقْرَبُ مَا يَكُونُ الْعَبْدُ مِنْ رَبِّهِ وَهُوَ سَاجِدٌ، فَأَكْثِرُوا الدُّعَاءَ.

Ang pinakamalapit na sandali ng tao sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa, kaya damihan ninyo ang pagda-langin.

Isinalaysay ito nina Imám Muslim: 1083.

Ang Sinasabi sa Pagitan ng Dalawang Pagpapatirapa

١ - رَبِّ اغْفِرْ لِي. رَبِّ اغْفِرْ لِي.

1. Rabbi -ghfir lí, rabbi -ghfir lí.

Panginoon ko, patawarin Mo ako; Panginoon ko, patawarin Mo ako.

Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud: 874 at pinagtibay na sahíh ito ni Imám al’Albání.

٢ - اللَّهُمَّ! اغْفِرْ لِي وَأَزْهِمْنِي، وَعَافِنِي، وَأَهْدِنِي، وَأَرْزُقْنِي.

2. Allahumma -ghfir lí wa -rḥamní wa ‘áfiní wa -hdiní wa -rzuqní.

O Allah, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, palusugin Mo ako, patnubayan Mo ako, at tustusan Mo ako.

Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud: 850 at pinagtibay ni Imám al’Albání na sahíh ito na sahíh ito.

Ang Sinasabi sa Tashahhud

التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ
وَبَرَكَاتُهُ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا
اللَّهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ.

Attahiyátu lilláhi wa -ssalawátu wa -ttayyibát, assalámu
'alayka ayyuha -nnabíyu wa rahmatu -lláhi wa barakátuh,
assalámu 'alayná wa 'alá 'ibádi -lláhi -ssálihín, ash'hadu
an lá iláha illa -lláh, wa ash'hadu anna muhammadan
'abduhu wa rasúluh.

*Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at
ang mga mabuting gawa. Ang kapayapaan ay sa iyo, o
Propeta, at ang awa ni Allah at ang mga biyaya Niya. Ang
kapayapaan ay sa amin at sa mga matuwid na lingkod ni
Allah. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at
sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at
Sugo Niya.*

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 831.

Pagkatapos ay sasabihin mo:

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ
إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ، اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا
بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ، وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

Alláhumma salli ‘alá muḥammadin wa ‘alá áli Muḥammad, kamá sallayta ‘alá ibrahíma wa ‘alá áli ibrahím, innaka ḥamídum majíd. Alláhumma báriḳ ‘alá muḥammadin wa ‘alá áli muḥammad, kamá bárakta ‘alá ibrahím, innaka ḥamídum majíd.

O Allah, basbasan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbasbas Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 3370.

Puna: May nasasaad na iba pang mga anyo ng Tashahhud na malapit sa nabanggit.

Mga Du‘á’ Matapos ang Tashahhud at Bago ang Salám

١ - اَللّٰهُمَّ اِنِّيْ اَعُوْذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ وَمِنْ عَذَابِ النَّارِ وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَسِيْحِ الدَّجَالِ.

1. Alláhumma inní a‘údhū bika min ‘adhábi -lqabri wa min ‘adhábi -nnári wa min fitnati -lmaḥyá wa -lmamáti wa min fitnati -lmasíhi -ddajjál.

O Alláh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pag-durusa sa libingan, laban sa pagdurusa sa Apoy,

laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári at Imám Muslim: 1377, 1328.

۲- اَللّٰهُمَّ اِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي ظُلْمًا كَثِيْرًا، وَلَا يَغْفِرُ الذُّنُوْبَ اِلَّا اَنْتَ،
فَاغْفِرْ لِيْ مَغْفِرَةً مِنْ عِنْدِكَ، وَاَرْحَمِنِيْ، اِنَّكَ اَنْتَ الْغَفُوْرُ الرَّحِيْمُ.

2. Alláhumma inní dhalamtu nafsí dhulman kathirá, wa lá yaghfiru -dhdhunúba illá anta, fa-ghfir lí maghfiratam min 'indika wa -rhamní, innaka anta -lghafúru -rrahím.

O Allah, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko nang maraming paglabag at walang nagpapatawad sa mga pagkaka-sala kundi Ikaw kaya magpatawad ka sa akin ng isang kapata-warang mula sa Iyo at kaawaan Mo ako; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 834.

۳- اَللّٰهُمَّ اغْفِرْ لِيْ مَا قَدَّمْتُ وَمَا اَخَّرْتُ، وَمَا اَسْرَرْتُ وَمَا اَعْلَنْتُ، وَمَا
اَسْرَفْتُ، وَمَا اَنْتَ اَعْلَمُ بِهِ مِنِّي، اَنْتَ الْمُقَدِّمُ وَاَنْتَ الْمُؤَخِّرُ، لَا اِلٰهَ
اِلَّا اَنْتَ.

3. Alláhumma -ghfir lí má qaddamtu wa má akhkhartu, wa má asrartu wa má a'lantu, wa má asraftu, wa má anta

a'lamu bihi minní, anta -lmuqaddimu wa anta -lmu'akhhiru, lá iláha illá anta.

O Allah, patawarin Mo ako sa anumang [kasalanang] naunang nagawa ko, anumang [kasalanang] nahuling nagawa ko, anumang [kasalanang] inilihim ko, anumang [kasalanang] inihayag ko, anumang [kasalanang] ipinagmalabis, at anumang [kasalanang] Ikaw ay higit na nakaaalam doon kaysa sa akin. Ikaw ay ang nag-papauna at Ikaw ay ang nagpapahuli; walang Diyos kundi Ikaw.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1812.

٤ - اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْعَجْزِ وَالْكَسَلِ، وَالْجُبْنِ وَالْهَرَمِ،

وَالْبُخْلِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ، وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ.

4. Alláhumma inní a'údhu bika mina -l'ajzi wa -lkasli wa -ljubni wa -lharami, wa a'údhu bika min 'adhábi -lqabri wa min fitnati -lmahyá wa -lmamát.

O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-kakayahan, katamaran, karuwagan, karamutan at pag-uulyanin; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan.

Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 6367, 6873; ito ang pagkakabigkas ni Imám Muslim.

Ang Pagpaparami ng Panalangin Matapos ang Taslím

عن عبدالله بن عمر - رضي الله عنهما - قال: ((كُنَّا إِذَا كُنَّا مَعَ النَّبِيِّ ﷺ...
الحدِيث)) إلى أَنْ قَالَ: ((ثُمَّ لِيَسْخِرَ مِنَ الدُّعَاءِ أَعْجَبَهُ إِلَيْهِ فَيَدْعُو...))

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Kami noon, kapag kami ay kasama ng Propeta (SAS)...hanggang sa nagsabi siya: Pagkatapos ay mamili siya sa panalangin ng higit na kalugod-lugod sa kanya at manalangin siya.”

Isinalaysay ito ni Imám alBukhári: 865.

Ang Dhikr Matapos ang Saláh

أَسْتَغْفِرُ اللهَ، أَسْتَغْفِرُ اللهَ، أَسْتَغْفِرُ اللهَ، أَللَّهُمَّ أَنْتَ السَّلَامُ وَمِنْكَ السَّلَامُ،
تَبَارَكَتَ يَا ذَا الْجَلَالِ وَالْإِكْرَامِ.

Astaghfiru -lláh, astaghfiru -lláh, astaghfiru -lláh,
alláhumma anta -ssalámu wa minka -ssalám, tabárakta yá
dha -ljaláli wa -l’ikrám.

*Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng
tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. O
Allah, Ikaw ang Sakdal⁴ at mula sa Iyo ang kapayapaan.
Napakamapagpala Mo, o pinag-uukulan ng pagpipitagan
at pagpaparangal.*

⁴ Walang kapintasan, walang kakulangan.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1334.

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَّ لِمَا مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ.

Lá iláha illa -lláh wahdahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír. Alláhumma lá máni‘a limá a‘tayta, wa lá mu‘ṭiya limá mana‘ta, wa lá yanfa‘u dha -ljaddi minka -ljadd.

Walang Diyos kundi si Alláh — tanging Siya, wala Siyang katam-bal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay nakakakaya. O Alláh, walang maka-pipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapag-dudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.

Isinalaysay ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim: 844, 1338.

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا نَعْبُدُ إِلَّا إِيَّاهُ، لَهُ النِّعْمَةُ وَلَهُ الْفَضْلُ، وَلَهُ الثَّنَاءُ الْحَسَنُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُونَ.

Lá iláha illa -lláhu waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír. Lá ḥawla wa lá qúwata illá bi-lláh, lá iláha illa -lláh, wa lá na‘budu illá iyyáh, lahu -nni‘matu wa lahu -lfadlu wa lahu -ththaná‘u -lḥasan, lá iláha illa -lláhu mukhlisína lahu -ddína wa law kariha -lkáfirún.

Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya, wala Siyang katam-bal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Walang kapang-yarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Walang Diyos kundi si Allah, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang Diyos kundi si Allah. [Kami ay] mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.
Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1343.

Pagkatapos ay magsasabi ka ng:

سُبْحَانَ اللَّهِ (۳۳).

Subḥána -lláh (33x).
Kaluwalhatian kay Allah.

الْحَمْدُ لِلَّهِ (۳۳).

Alḥamdu lilláh (33x).
Ang papuri ay ukol kay Allah.

اللَّهُ أَكْبَرُ (۳۳).

Alláhu akbar (33x).
Si Allah ay pinakadakila.

Pagkatapos bilang ikaisandaan ay magsasabi ka ng:

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ.

Lá iláha illa -lláh wahdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku wa lahu -lhamdu wa huwa ‘alá kulli shay’ in qadír.

Walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1352.

Ang Panalangin Para sa Dasal Para sa Patay

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُ وَارْحَمْهُ وَعَافِهِ، وَاعْفُ عَنْهُ، وَأَكْرِمْ نُزُلَهُ، وَوَسِّعْ مَدْخَلَهُ،
وَاعْسِلْهُ بِالْمَاءِ وَالثَّلْجِ وَالْبَرَدِ، وَنَقِّهِ مِنَ الْخَطَايَا كَمَا نَقَّيْتَ الثَّوْبَ
الْأَبْيَضَ مِنَ الدَّنَسِ، وَأَبْدِلْهُ دَارًا خَيْرًا مِنْ دَارِهِ، وَأَهْلًا خَيْرًا مِنْ أَهْلِهِ،
وَزَوْجًا خَيْرًا مِنْ زَوْجِهِ، وَأَدْخِلْهُ الْجَنَّةَ، وَأَعِذْهُ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ وَمِنْ
عَذَابِ النَّارِ.

Alláhumma -ghfir laHU wa -rhamHU wa ‘áfiHI wa‘fu ‘anHU, wa akrim nuzulaHU wa wassi‘ mudkahlaHU, wa -ghsilHU bi-lmá‘i wa -ththalji wa -lbarad, wa naqqiHI mina -lkhatáyá, kamá naqqayta -ththawba -l‘abyada mina -ddanas, wa abdilHU dárán khairam min dáriHI wa ahlan khairam min ahliHI, wa zawjan khayram min zawjiHI, wa adkhiHU -ljannah, wa a‘idhHU min ‘adhábi -lqabri wa ‘adhábi -nnár.⁵

O Allah, patawarin Mo SIYA; kaawaan Mo SIYA; pangalagaan Mo SIYA; pagpaumanhinan Mo SIYA; paalwanin Mo ang kaloob sa KANYA; paluwagin Mo ang libingan NIYA; hugasan Mo SIYA sa pamamagitan ng tubig, yelo at niyebe; linisin Mo SIYA mula sa mga kamalian gaya ng paglinis Mo sa puting damit mula sa karumihan; magbigay Ka sa KANYA ng tahanang higit na mai-nam kaysa sa tahanan niya, ng mag-anak na higit na mainam kaysa sa mag-anak niya, at ng asawang higit na mainam kaysa sa asawa niya;⁶ papasukin Mo SIYA sa Paraiso; at kupkupin Mo SIYA laban sa pagdurusa sa libingan at pagdurusa sa Impiyerno.

Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2232.

⁵ Ang mga salitang Arabe na HU at HI ay papalitan HÁ kung ang dinadasalan ay isang babae, o ng HUMÁ kung dalawang tao, o ng HUNNA kung tatlong babae o higit pa, o ng HUM kung tatlong lalaki o higit pa, o higit sa tatlong lalaki at babae.

⁶ Ang ipinakakahulugan ng pagpapalit ng mag-anak at asawa ay ang pagpapalit ng mga katangian hindi ng mga pagkatao.

Ang Dhikr Pagkatapos ng Taslím sa Saláh na Witr:

سُبْحَانَ الْمَلِكِ الْقُدُّوسِ .

Subhána -lmaliki -lquddús.

Kaluwalhatian sa Haring Kabanal-banalan.

[Babanggitin ito nang] tatlong ulit at lalakasan ang tinig sa ikatlo. Isinalaysay ito ni Imám anNasá’i: 1733.

Ang Du‘á’ sa Salátul’istikhárah

Ang paraan ng pagsasagawa nito ay na magdarasal ng dala-wang rak‘ah. Pagkatapos ay sasabihin:

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْتَخِيرُكَ بِعِلْمِكَ، وَأَسْتَقْدِرُكَ بِقُدْرَتِكَ، وَأَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِكَ الْعَظِيمِ، فَإِنَّكَ تَقْدِرُ وَلَا أَقْدِرُ، وَتَعْلَمُ وَلَا أَعْلَمُ، وَأَنْتَ عَلَّامُ الْغُيُوبِ، اللَّهُمَّ إِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا الْأَمْرَ (ويسمي حاجته) خَيْرٌ لِي فِي دِينِي، وَمَعَاشِي، وَعَاقِبَةِ أَمْرِي، فَاقْدِرْهُ لِي، وَيَسِّرْهُ لِي، ثُمَّ بَارِكْ لِي فِيهِ، وَإِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا الْأَمْرَ شَرٌّ لِي فِي دِينِي، وَمَعَاشِي، وَعَاقِبَةِ أَمْرِي، فَاصْرِفْهُ عَنِّي، وَاصْرِفْنِي عَنْهُ، وَاقْدِرْ لِي الْخَيْرَ حَيْثُ كَانَ ثُمَّ أَرْضِنِي بِهِ.

Alláhumma inní astakhíruka bi‘ilmika, wa astaqdiruka biqudratik, wa as‘aluka min fadlika -l ‘adhími, fa‘innaka taqdiru wa lá aqdir, wa ta‘lamu wa lá a‘lamu, wa anta ‘allámu -lghuyúb. Alláhumma in kunta ta‘lamu anna hádha -l’amra [banggitin dito ang kaila-ngan] khayrun

lí fí díní wa ma‘áshí wa ‘áqibati amrí, fa-qdirhu lí wa yassirhu lí, thumma bárik lí fíhi. wa in kunta ta‘lamu anna hádha -l’amra sharrun lí fí díní wa ma‘áshí wa ‘áqibati amrí, fa-srífhu ‘anní wa -srífni ‘anhu, wa -qdir lí -lkhayra haythu kána, thumma ardíní bih.

*O Allah, sumasangguni ako sa Iyo sa pamamagitan ng kaalaman Mo. Humihiling ako sa Iyo ng kakayahan sa pamamagitan ng kakayahan Mo. Humihingi ako mula sa dakilang kagandahang-loob Mo, sapagkat tunay na Ikaw ay nakakakaya at hindi ako nakakakaya, at nakaaalam Ka at hindi ako nakaaalam at Ikaw ay ang pinakanakaaalam sa mga nakalingid. O Allah, kung nalalaman Mo na ang bagay na ito **[banggitin dito ang kailangan]** ay mabuti para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahi-hinatnan ng balak ko itakda Mo na mangyari ito sa akin at paga-anin Mo ito para sa akin, pagkatapos ay biyayaan Mo ako rito. Kung nalalaman Mo na ang bagay na ito ay masama para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko ilayo Mo ito sa akin at ilayo Mo ako rito, at itakda Mo na mang-yari sa akin ang mabuti saanman ito, pagkatapos ay palugudin Mo ako rito.*

Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí: 1162.